Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7:4
2-7-12

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG ENERO 9, 2012, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad – nasa bakasyon |

## KAPASIYAHAN BLG. 002-T2012

## KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG BARANGAY ORDINANCE NO. 01-2011 NG BARANGAY PATIMBAO HINGGIL SA PAMUMUWISAN NG BARANGAY.

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay sa sangguniang ito ang Barangay Tax Ordinance 2011 ng Barangay Patimbao at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi at Lupon sa Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T**, matapos ang pagsusuri at malaman na ang pagtatakda ng singilin ay tama at makatwiran para sa barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas na irekomenda ang pagpapatibay sa naturang kautusan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan at Serafin C. San Juan, Jr. at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap,

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Barangay Ordinance No. 01-2012 ng Barangay Patimbao hinggil sa pamumuwisan ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan ang Kagalang-galang Punong Bayan at Sangguniang Barangay ng Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 9, 2012.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan